

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Wilms' Tumor

Ano ang Wilms' tumor?

Ang Wilms' tumor ay ang pinakakaraniwang kanser sa bato ("kidney") ng mga bata. Bagama't ito ay maaring makita mula sanggol hanggang labinlimang taong gulang, ang mga sintomas ay karaniwang lumalabas sa unang limang taon sa buhay ng bata.

Ang mga bato ang siyang sumasala at nagtatanggal ng dumi sa ating dugo. Ito ay nagiging ihi na pansamantalag iniimbak sa ating pantog hanggang ito ay mailabas ng ating katawan.

Ano ang sanhi ng Wilms' tumor ?

Sa kasalukuyan ay hindi pa alam ang tunay na sanhi ng **Wilms' tumor**, **bagama't** may mga bagay na sinasabing maaring **may kinalaman o impluwensiya sa pagkakaroon** ng sakit na ito. Kabilang dito ang tinatawag na "birth defects" gaya ng pagkawala ng kulay sa mata na kung tawagin ay "iris" ; alanganing kasarian, ang di pantay na paglaki ng kalahating bahagi ng katawan ("hemihypertrophy"), at mga bihirang "genetic syndromes" katulad ng "Beckwith-Wiedeman syndrome", "Denys-Drash syndrome" at iba pa.

Gayon pa man, mapapansin na hindi lahat nang nagkakaroon ng **Wilms' tumor** ay taglay ang mga nabanggit na panganib. At marami sa mga may nabanggit na panganib, ay hindi naman nagkaroon ng sakit na ito. Subali't hinihikayat pa rin na regular na ipasuri ang tiyan ng bata sa ultrasound upang matukoy agad kung may wilms' tumor ito.

Anu-ano ang mga sintomas o palatandaan ng Wilms' tumor ?

Ang unti-unting paglaki ng tiyan sanhi ng bukol ang kadalasang unang mapapansin habang ang bata ay pinaliliguan o binibihisan. Kabilang sa iba pang mga palatandaan na maaring makita ay ang mga sumusunod: pananakit ng tiyan, pag-ihing may kasamang dugo, pagtaas ng presyon ng dugo, at **lagnat**.

Paano malalaman kung ang isang bata ay may Wilms' tumor ?

Kung ang isang bata ay may isa o higit pa sa mga senyales at sintomas na nabanggit, isang maingat na pagsusuri ang kailangang gawin. Kabilang dito ang pagtatanong sa pangkalahatang kalusugan ng bata at ng mga kapamilya at eksaminasyon ng buong katawan. Ito ay mahalaga upang matukoy ang antas ng tumor at kung ito ay kumalat na sa ibang bahagi ng katawan gaya ng mga baga, kulani o atay.

Kinakailangan sumailalim ang bata sa mga espesyal na eksaminasyon katulad ng "abdominal ultrasound", "computed tomography (CT) scan", o kaya "magnetic resonance imaging (MRI)" para mas ganap na makita ang bahagi ng tiyan na nasaklaw ng tumor at tiyakin ang laki nito.

Ang iba pang mga pagsusuri na mahalaga sa pagtukoy ng sakit na wilms' tumor ay ang mga sumusunod: eksaminasyon sa dugo, atay at bato, serum kalsiyum, bahagi ng dugo na nagpapaampat ng pagdurugo ("coagulation factors"), ihi at ng puso. . At kung ang tumor ay hinihinalang kumalat na sa ibang bahagi ng katawan, kinakailangan din ang "CT scan" ng mga baga, "MRI" ng utak at "scan" ng mga buto.

Kailangan ding kumuha ng sapat na bahagi ng tumor na kung tawagin ay "biopsy" para ito ay masuri ng isang pathologist sa ilalim ng "microscope" at matukoy kung ito nga ay wilms' tumor.

Ano ang ibig sabihin ng "staging"?

Ang "staging" ay isang pamamaraan na sinusunod upang malaman kung ang tumor ay nasa isang bahagi pa lamang o kung kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan. Ang pagbatid sa antas o "stage" ng isang batang may wilms' tumor ay mahalaga sa pagpapalano ng angkop na paggamot **at** upang mabatid din ang potensyal nitong gumaling.

- | | |
|-----------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Stage I: | ang tumor ay nasa bato at ganap na natanggal sa pamamagitan ng operasyon. Walang tumor sa kalapit na tisyu o ugat na nasa paligid ng bato ("kidney") |
| Stage II: | ang bato na apektado ng tumor ay ganap na natanggal sa pamamagitan ng operasyon subali't may tumor sa kalapit na tisyu o ugat na nasa paligid nito. |

- Stage III: ang bato na apektado ng tumor ay hindi natanggal; o kumalat na ang tumor sa mga kulani ng tiyan at balakang, tisyu na bumabalot sa loob ng tiyan (“peritoneum”) at iba pang bahagi ng tiyan; o kumuha lamang ng sapat na bahagi ng tumor upang suriin (“biopsy”); o kung nagkaroon ng pagkalat ng tumor sa loob ng tiyan habang isinasagawa ang operasyon
- Stage IV: ang tumor ay kumalat na sa mga baga, buto, utak atay, at mga kulani sa ibang bahagai ng katawan bukod sa tiyan at balakang.
- Stage V: ang tumor ay matatagpuan sa parehong bahagi ng bato, subali’t bawa’t bato ay bibigyan ng antas ayon sa mga nabanggit.

Paano pina-plano ang paggamot sa batang may Wilms’ tumor ?

Ang pag-gamot ng mga batang may kanser tulad ng **Wilms’ tumor**, ay naaayon sa anyo ng tumor batay sa pagsusuri sa ilalim ng “microscope” (“histology”), laki ng tumor, edad ng bata, kakayahang matanggal ang tumor sa pamamagitan ng operasyon, at ang pagkakaroon ng depektibong “chromosomes” o “genes” na maaaring makaapekto sa kakayahan nitong gumaling.

Bukod sa inyong “**pediatric oncologist**” o espesyalista sa kanser **ng mga bata**, maraming doktor na may sapat na kaalaman sa **iba’t ibang aspeto ng** sakit na ito ang magtutulong-tulong upang maibigay ang angkop na paggamot sa sakit na wilms’ tumor. Kabilang sa mga ito ay ang mga sumusunod: pediatric surgeon, urologist, radiologist, radiation oncologist, oncology nurses, pharmacist, psychologists, social workers, physical and occupational therapist at iba pa.

Paano ginagamot ang Wilms’ tumor ?

Kabilang sa paggamot ng **Wilms’ tumor** ang operasyon o pagtanggal ng bukol, ang pagbibigay ng mga espesyal at matatapang na gamot na kung tawagin ay “chemotherapy”, ang tinatawag na “radiation therapy” at kung kinakailangan, ang “blood stem cell o bone marrow transplantation”

Isinasagawa ang operasyon upang ganap na matanggal ang tumor kasama ang apektadong bato, mga katabing tisyu at kulani, na kung tawagin ay “radical nephrectomy”. Kung parehong bato ang apektado, isang bahagi ng mas maayos na bato ang iniwan (“partial nephrectomy”), sapat upang hindi ito magdulot ng maselang problema sa kalusugan.

Layunin ng “chemotherapy” ang pagpuksa sa tumor sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng iba’t ibang matatapang na gamot na maaaring ipainom, iturok sa laman o ipadaan sa ugat (“systemic therapy”). Ito ay maaring ibigay bago (“neoadjuvant”) at/o pagkatapos (“adjuvant”) ng operasyon.

Ang “radiation therapy” ay binibigay ayon sa pangangailangan ng batang may neuroblastoma. Ito ay gumagamit ng malakas na uri ng enerhiya na nagmumula sa isang makina (“high energy x-rays”) upang patayin ang tumor. Ito ay isinasagawa ng isang radiation oncologist **na siyang dalubhasa sa paggamit nito.**

Sa kasalukuyan, pinag-aaralan ang paggamit ng “biologic therapy” o sariling resistensya ng pasyente para labanan ang kanser at ang tinatawag na “blood stem cell” o “bone marrow transplantation. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbigay sa batang may wilms’ tumor ng mas matatapang na gamot kasunod ng pagbigay ng sarili niyang malusog na “blood stem/bone marrow cells” na dati nang tinipon at inimbak sa isang espesyal na “freezer” . Ito ay hindi isang operasyon; bagkus, ang mga “blood stem cells” ay isinasalin sa pamamagitan ng ugat kagaya ng pagsalin ng dugo.

Ang **iba’t ibang** pamamaraan ng paggamot ay ipaliliwanag sa inyo ng inyong duktur **ayon sa naaangkop sa inyong sitwasyon.**



Ang mahalagang impormasyon na ito ay mula sa pagsisikap ng Philippine Society of Pediatric Oncology, Inc. (PSPO), isang kasapi ng samahan ng Philippine Pediatric Society (PPS). Para sa iba pang katanungan tungkol sa paggamot ng sakit na ito, hinihikayat ang pagkonsulta sa inyong “pediatric oncologist” na may dalubhasang kaalaman tungkol dito.